# Magasin ng BAGONG Buhay

APR 15 1957

ABRIL 14, 1957



PALASPAS...

Pahina 4



Ito ang simula ng hirap ng "Kristo" sa "Via Crucis" sa Paombong — nang hubaran na ng mga "Hudyo" upang pahirapan at papagpasanin ng krus hanggang sa "kalbaryo". Makikitang sumusubaybay ang maraming tao...

# "VIA CRUCIS" Sa Paombong

KUNG ganitong Mahal na Araw, maraming pook at bayan ang nagdaraos ng Senakulo — isang paglalarawan ng buhay ni Hesukristo. Karaniwan nang itinatanghal ang Senakulo sa mga entablado o sa mga ipinasadyang tanghalan, at kalimita'y sa gabi upang maging maginhawa ang pagtatanghal at ang panonood.

Sa nayon ng Kapitangan, Paombong, Bulakan ay nasasaksihan ang isang palabas na kauri ng Senakulo. Inilalarawan ang mga tagpo ng paghihirap ni Kristo nang magpasan na ng krus patungo sa bundok ng Kalbaryo. Hindi katulad ng Senakulo, ito'y idinaraos sa araw, at hindi sa entablado kundi sa lansangan — sa pangunahing kalsada ng nayon — sa gitna ng mainit na sikat ng Araw.

Ang natatanging pagtatanghal na ito, na isang paggunita sa dinanas na mga hirap at sakit ni Hesukristo sa pagtubos sa sala ng sangkatauhan, ay pinagdarayo ng mga taong karamiha'y nagbubuhat pa sa mga kalapit-bayan.

Nakadamit ng mga kasuotang naaangkop sa ibinubuhay na panahon, ang mga tauhang nagsisiganap ay lubhang sanay na sa ginagampanang mga papel, kaya nagiging makatotohanan ang inilalarawang mga tagpo.

Ang gumaganap ng Kristo sa pagtatanghal na ito ay siyang nagdaranas ng matinding hirap at pagod — nakayapak na naglalakad sa mainit na lansangan, may pasang tunay na krus na "pagpapakuan" at sinusubaybayan ng palo ng mga "Hudyo" hanggang sa makarating sa "Kalbaryo".

Ang paglalarawang ito ng "Via Crucis" sa Paombong ay nababalita sa maraming bayan at pinagdarayo ng mga tao tuwing Biyernes Santo...




Ang aming mahigit sa 50 taong karanasan, at ang paggamit namin ng pinakamakabagong makinarya sa paghahanda ng tabako sa paggawa ng mataas na uring tabako at sigarilyo ay ang inyong katunayan ng dinapapantayang kasiyahan sa paninigarilyo.

Alhambra
CIGAR AND CIGARETTE MFG. CO.
31 TAYUMAN, MANILA • TEL. 2-98-96
A-10



Hindi biro-biro ang nakayapak na maglakad sa mainit na lansangan, may pasang krus na yari sa mabigat na kahoy at paragasang kinakaladkad ng tumatayong mga hudyo...

MAGASIN NG
BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.
Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO    Sa guhit: PETE VENEZUELA



Makatotohanang nailalarawan dito ang isa sa mga pagkakarapa ni Kristo nang paakyat na sa bundok ng Kalbaryo. Ito'y kasabay ng malalakas at sunud-sunod na palo ng mga "Hudyo" at ng pagsaklolo ng lumuluhang "Birhen," na dili ang di nakaaantig ng damdamin ng mga nanonood...




Ang pagdarampi ng birang ni "Veronica" sa sugat-sugatang mukha ng "Kristo". Ito'y isa sa pinakamahalaga at marikit na yugto sapagka't ang gumaganap ng "Veronica" ay lumilitaw buhat sa hanay ng nagsisipanood na mga tao...


**Maging matalino sa katipiran at kaligtasan-**

WHEN IT'S TIME TO RECAP INSIST ON

**Firestone NEW TREADS**

WALA PA SA KALAHATI NG HALAGA NG BAGONG GOMA




1 Dalawang Mapaggagamitan sa lansangan man o hindi
2 48-65% lalim ng gilit ukol sa matagalang milyahe
3 Matigas at matibay na baras ukol sa dagdag na traksiyon
4 Buong "center ribs" ukol sa matagalang gamit

**URI, HUSAY NG KAYARIAN, PAGLILINGKOD at MAHIGIT SA 50 TAONG KAALAMAN NG FIRESTONE**

*Makipagkita sa inyong tagapagbili o talyer ng awto ngayon at igiit ang*

**FIRESTONE NEW TREADS**

Inyong Kaligtasan ang aming Tungkulin sa Firestone

**Firestone** Tire & Rubber Co. of the Philippines

**MGA PLANTA SA PAGKUKUMPUNI NG GULONG AT RETREAD:**
**DABAW • MAYNILA • SEBU**

MAKINIG SA "VOICE OF FIRESTONE" TUWING LUNES 8:30 -- 9:00 N. G. SA DZRH

MABUTING DAAN AY MABUTING BUHAY








Ang pagsapit sa bundok ng "Kalbaryo". Gaya ng nakalarawan, ang "Kristo" ay nakalugmok na sa matinding hirap at pagod at anyong nananalangin. Inihahanda naman ng mga "hudyo" ang pagpapako sa kanya sa krus...

Ito ang lalong mahirap na bahaging tinutupad ng "Kisto" — ang tagpo ng "pagpapako sa krus". Kasunod nito ang matagal na pagkakabitin at ang pag-ulos ng sibat ni "Longino" (tingnan ang panglikod na pabalat).



## Ang Pabalat...

Minsan sa isang taon, ang mga simbahan ay sumasaya sa paningin. Ito'y kung Domingo de Ramos o ang tinatawag na "Linggo ng Palaspas". Sa araw na iyan, ang mga simbahan ay nagtitila dagat-dagatang umaalon sa nagkunday-kunday na palaspas, na waring nagpapaligsahan sa maririkit na kayarian.

Ang mga benditadong palaspas ay nagsisilbing pahiyas sa maraming tahanan. Umano'y pananggalang din sa mga kulog at kidlat.

Sa aming pabalat ay makikita ang ilang nagsisigawa ng palaspas. Ito'y malakas pagkakitaan kung ganitong mga araw...





Pagkatapos ng may labindalawang oras na paglamon ng apoy sa lunsod ng Katbalogan, ito ang tanging nalabi sa Catbalogan Elementary School na ganap na tinugnaw ng apoy — ang napinsala nguni't nanatili pa ring nakatayong bantayog ni Dr. Rizal at ang di na pakikinabangang sunog na mga yero.


Ito ang kaisa-isang pamatay-sunog ng Katbalogan na magdamag na nakipaglaban sa apoy nguni't ganap na nabigo.

# ANG TRAHEDYA SA KATBALOGAN


**ANG NAGANAP** na malaking sunog sa Katbalogan Samar, noong unang araw ng Abril ay matatala sa kasaysayan. Isa iyon sa pinakamalubhang sakuna sa Kapuluan na pumuti ng ilang buhay at puminsala ng may ₱20,000,000 halaga ng mga ari-arian. Bunga ng sunog na iyon, mahigit sa 50,000 mamamayan ang nangawalan ng tahanan at ngayo'y nagsisiasa na lamang sa tulong ng mga ahensiyang panaklolo ng pamahalaan.

Sa mga sandaling sinusulat ito, isang intsik na umano'y nalulugi sa negosyo ang pinaghihinalaang kusang lumikha ng sunog na itong tumupok sa isang buong siyudad.

Kung mapatunayang may katotohanan ang mga unang balita, nararapat lamang na lapatan ng pinakamabigat na parusa ang dayuhang iyon na dapat managot sa malungkot na sinapit ng isang lunsod at ng kanyang libu-libong mamamayan!







Sila ay ilan lamang sa may limampung libong naging biktima ng malaking sakuna na ngayo'y muling "magsisimula sa buhay."

Si Senador Decoroso Rosales, habang nangangalap ng mga ulat tungkol sa sunog na nagsimula noong gabi ng unang araw ng Abril at nanalanta hanggang sa umaga ng sumunod na araw.


Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang *Pagsisipilyo* ng

**COLGATE DENTAL CREAM**

✓ Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa ***Maghapon!***
✓ Pinapawi ang Masamang Hininga ***Agad-agad!***
✓ Pinananatiling ***Maganda't Malinis*** ang Ngipin!




may GARDOL*

*Colgate's Trade-Mark For Sodium N-Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

**PINABABANGO ANG INYONG HININGA HABANG NILILINIS ANG INYONG NGIPIN!**

# PAO: Lingkod ng Bayan




Upang maakit ang mga mamamayan na makipagtulungan sa hukbo sa pagsugpo sa mga Huk at tulisan, ang PAO ay nagbagsak ng mga polyeto sa "masese-lan" na purok sa Laguna. Makikitang hindi mapigil ng mga alagad ng batas ang mga mamamayan sa pamumulot ng polyeto na napatunayang mabisang paraan ng paglamuyot sa damdamin ng madla.




"NOSEGAY DOILY" — Ito ang iniangkop na pamagat sa disenyo ng center-piece o doily na makikita sa larawan. Bagama't ang karaniwang disenyo ay ginagamitan ng sinulid, ang isang ito ay kaiba sa karaniwan sapagka't maaaring gamitan ng pili ng plastik na nabibili sa mga tindahan ng puntas sa iba't ibang kulay at sukat.

"ANG pagbabagong-tatag ng Tanggapan sa mga Suliraning Pangmadla ng Konstabularye (PC PAO) ay bunsod ng layuning makapaglingkod ang hukbong Pilipino sa mga mamamayan hindi lamang sa panahon ng digmaan kundi maging sa kapayapaan."

Ito'y ipinahayag ng Kalihim Eulogio Balao ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa bago binuwag ang Tangapan sa Pakikidigmang Pangkaisipan (PWO) na isinanib sa PAO mula noong Marso 1.


Sinasabing binuwag ang PWO na pinamunuan ni Komandante Constante Ma. Cruz dahil sa natuklasang ilang katiwalian at "di-pagkakaunawaan" ng Kalihim Balao at ng Pangalawang Kalihim Jose M. Crisol.

Nguni't ano man ang tunay na dahilan, ang pagkakasanib ng PWO sa PAO ay kapaki-pakinabang sa kapakanan ng may dalawampu't dalawang milyong mamamayan.

Bakit?

Sapagka't sa pagsasanib ng dalawang tanggapan ay palalawakin ang gawain ng bagong PAO hanggang sa mga nayon sa pamamagitan ng mga sangay sa apat na purok militar.

Subali, ano ang PAO? Anu-

SAKIT ng ULO?



Naito ang Dagling
PANLUNAS!





MABILIS
LIGTAS


Upang mapawi ang sakit ng ulo sa madaling paraan, lumunok ng CORTAL! Ang CORTAL ay nagdudulot ng dagling ginhawa, at . . . pinasisigla pa kayo!

KAPAG SINUMPUNG NG KIROT,
Humingi Ng —

Cortal


DAGLI·LIGTAS·TIYAK

Tumulong at Umabuloy sa ✚



Sa mga sandali ng pangangailangan ng mga biktima ng iba't ibang sakuna, ang PAO ay madaling kumikilos upang tumulong, Makikitang iniaabot ni Kcmandante Manawis sa isang taganayon ang tulong na salapi.

Maging ang mga alagad ng simbahan ay hinihimok ng PAO na makisanib sa masiglang kampanya laban sa panunulisan at panliligalig. Makikitang kinakapanayam ni Komandante M. Manawis (dulong kaliwa, nakasalamin) ang dalawang pari samantalang nakamasid ang mga kawal ng PC.



ano ang mga gawain nito? At paano nakatutulong sa mga mamamayan?

**Kilusan Laban sa mga Mapanligalig**

Bungang-isip ni Brigadyer Heneral Manuel F. Cabal, puno ng PC, ang PAO ay itinatag noong Enero 16, 1956 nang ilipat ng Hukbong Sandataban ng Pilipinas (PAF) sa PC ang pagtataguyod sa kilusan laban sa mga mapanligalig.

Bagaman kulang na kulang ng gugulin at mga kaluwagan ay nagpatuloy ang PAO sa pagtataguyod ng mga proyektong pambayan, sa pangunguna ng puno nito — si Komandante Mariano D. Manawis.

Ang unang malaking kilusan ng PAO ay ibinunsod noong Mayo, 1956 nang matagpuan sa isang liblib na nayon sa Paete, Laguna ang bangkay ni Gng. Zarraga at ng may 13 taong gulang na anak na babae nito.

Samantalang hinahanap ng mga kawal ang mga dumukot at pumatay sa mag-inang Zarraga, ang PAO ay nagpalaganap ng mga polyeto at paskel sa mapapanganib na purok, bukod sa mga pamamahayag na pangmadla at pakikipanayam.

Sa pamamagitan ng aeroplano ng Hukbong Panghimpapawid ng Pilipinas (PAF) ay makasampung nagbagsak ang PAO ng mga polyeto para sa mga tulisan at sa mga mamamayan.

At nagtagumpay ang pagsisikap ng PAO. Naakit nito ang damdamin ng mga mamamayan sa pakikipagtulungan sa hukbo sa pagtatatag ng kapayapaan at kaayusan.

Magkakasamang nagtungo sa tanggapan ng PAO sa Kampo Crame ang alkalde, bisealkalde at mga konsehal ng Paete at nagpasalamat sa PC.

Nguni't hindi lamang mga tulisan at Huk ang binabaka ng PAO kundi maging ang diwa ng komunismo.

Upang masugpo ang mga mapanligalig, binuhay ng PAO ang may 12,000 mga Lupon sa Pagpapayo ng mga Mamamayan (CAC) na itinatag noong 1952 sa panganguna ng Pangalawang Kalihim Crisol.

Ang CAC na binubuo ng mga pangunahing mamamayan sa purok ay tuwirang tumutulong sa hukbo sa mga kilusan laban sa mga tulisan at Huk at nagpapayo sa mga pinunong militar tungkol sa mabuting pakikitungo sa madla.

**Mga Proyekto**

May mahalagang bahaging ginagampanan ang PAO sa pagsasakatuparan ng palatuntunan ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay sa pagpapaunlad sa mga nayon.

Samantalang ang pangkat sa inhinyerya ng AFP ang gumagawa ng mga paaralang **prefabricated**, ang PAO ang nangangasiwa sa pagtatayo nito sa mga nayon, katulong ang mga mamamayan.

Hanggang noong Pebrero 18 ay 5,160 paaralan ang nagawa na ng AFP, 2,444 ang naitayo na at 1,996 ang hindi pa naipamamahagi at 620 ang na sa pintungan.

Bukod sa sariling proyekto, ang PAO ay katulong sa pagbubukas ng mga pansamantalang lansangan sa mga liblib na purok upang mabigyan ng kaluwagan sa paglalakbay ang mga mamamayan.

Ayon kay Komandante Manawis, ang PAO ay magtatatag ng ulirang nayon sa Kabinti, Laguna upang pamahayan ng 3,000 katao. Dahil dito'y nagtalaga ang AFP ng isang pangkat ng mga inhinyero ng hukbo na tutulong sa PAO, bukod sa dalawang **bulldozer** at dalawang **grader**.

Magtatatag din ang PAO ng ulirang nayon sa Mauban, Quezon para sa 200 katao. Kung magtatagumpay, ang proyektong ito'y itataguyod sa iba pang purok.

At kamakailan, sa kahilingan ni Tenyente Heneral Jesus M. Vargas (Ret.), tagapangulo ng lupong pamunuan ng NAWASA, ay pinakilos ni Heneral Cabal ang PAO upang surin ang 6,879 poso-artesyano sa Kapuluan.

Nguni't higit na mahalagang gawain ng PAO ang pagtulong sa mga panahon ng madaliang pangangailangan. Katulad ng Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan (SWA) at Krus na Pula, ang PAO ay namamahagi ng tulong na panustos sa mga mamamayang inaabot ng sakuna o napipinsala ng baha, bagyo at lindol.

**Isang Hamon sa PAO**

Sa kabila ng malawak na gawain, ang PAO ay may maliit na pondo kung ihahambing sa ibang tanggapan ng hukbo. Ayon sa panukalangbadyet ng hukbo, ang PAO ay tatanggap ng ₱75,000 lamang sa susunod na taong piskal.

Ipinagtapat ni Komandante Manawis na ang PAO ay may apat na **jeep** at isang **weapon carrier** lamang na ginagamit ng walong pangkat na kumi-

*(Sundan sa pah. 19)*




BUWANANG KIROT?



NAITO ANG DAGLING PANLUNAS!





MABILIS LIGTAS

Upang mapawi ang bagabag ng panapanahong kirot sa mabilis at maaasahang paraan, lumunok ng CORTAL! Tinataboy ng CORTAL ang sa tuwi ng "kalumbayan" sa ligtas at tiyak na paraan.

KAPAG SINUMPUNG NG KIROT, Humingi Ng —


Cortal

DAGLI·LIGTAS·TIYAK

Tumulong at Umabuloy sa

# Sining ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay



**"NOSEGAY DOILY"** — Ito ang iniangkop na pamagat sa disenyo ng centerpiece o doily na makikita sa larawan. Bagama't ang karaniwang disenyo ay ginagamitan ng sinulid, ang isang ito ay kaiba sa karaniwan sapagka't maaaring gamitan ng pili ng plastik na nabibili sa mga tindahan ng puntas sa iba't ibang kulay at sukat.

## DAPAT UGALIIN NG BATA SA MGA SALU-SALO

**(Kagandahang-loob ni Marie Jale Martinez ng Libby)**

Ang batang hindi natuturuan ng mabuting kilos na dapat asalin sa isang salu-salo o pagtitipon ay mabiyaing dumalo sa mga katulad nito. Mayroon pang mga batang nagsasabing "kinasusuklaman" nila ang pagdalo sa mga pagtitipon sa dahilang walang patid ang kasasalita ng ina sa pagiging maingat sa kanilang mga damit o sa ano mang babasagin. Sa kabilang dako, ilan sa mga batang hindi nasusupil ng magulang ang takbo nang takbo at paroo't parito sa bulwagan, inihihiga ang mga silya sa gitna, nagdidikit ng "chewing gum" sa mga muwebles at sumisigaw sa karamihan ng tao.

Dahil dito, bago tulutang makadalo sa pagtitipon ang mga bata, o kaya'y magbigay ng pagtitipon ang inyong anak, kailangang bigyan muna sila ng paliwanag ukol sa mga bagay na dapat gawin at kung anong pag-uugali ang dapat nilang ipamalas. Sa bawa't pagkakamali nila ay magulang rin ang siyang napupulaan.

Ang mga sumusunod na alituntunin ay buhat sa isang dalubhasa sa mga pakikiharap sa mga pagtitipon:

**Alituntunin ukol sa mga batang panauhin:**


1. Dumating sa hustong oras na malinis at maayos sa paningin. Huwag kalilimutang linisin ang kuko.
2. Lumahok sa ano mang mga paglalaro, kahit hindi gusto ang larong binuksan.
3. Maging mapagparaya o "sport" kung matalo sa mga paligsahan.
4. Huwag gawin sa ibang bahay ang mga bagay na hindi ninyo magagawa sa inyong sariling tahanan.
5. Huwag kaliligtaang magpasalamat at magpaalam sa magulang ng inyong punong-abala o sa naghandog ng pagtitipon at sa kababata ring naghandog.

**Alituntunin para sa naghahandog ng pagtitipon (bata):**

1. Lumagay sa may pintuan upang salubungin ang mga panauhin.
2. Pasalamatan agad ang mga panauhin sa kanilang ibinigay na regalo, subali't ilagay muna ito sa isang lugar hanggang ang lahat ng mga panauhin ay dumating na — at saka buksan ang bawa't paketeng tinanggap at pasalamatan ang nagsipaghandog kung tapos na ang pagtitipon.
3. Tandaan na ang kasiyahan muna ng mga panauhin ang dapat isaalang-alang bago ang pansarili.
4. Sakaling kabilang kayo sa mga palaro o timpa-

*(Sundan sa pah. 19)*



Ang mainit na kape, na inihahaing kasama ng **rolls, cookies** o **cake** ay angkop ihain sa panahong ito, lalo't mapataon sa araw ng bihilya.

Inilalakip namin dito ang isang **recipe** ng **cake** na nababagay ihain kung kuwaresma: Ang — **Holiday Fruit Bread.**

Initin ang ½ tasa ng gatas. Isalin sa isang malaking tason na mapaghahaluan upang lumamig ng kaunti hanggang sa maging mala-hininga lamang ang init. Haluan ng 5 kutsarita ng **Fleischman's Active Dry Yeast** na tinunaw sa ½ tasang mainit-init na tubig. Haluin hanggang sa matunaw na mabuti. Ihalo sa pinainit na gatas na na sa tason. Batihin ang lahat nang sangkap na kasama ang 1 at ½ tasa ng arina hanggang sa maging pino. Sa ibang tason, paghalu-haluin ang tinunaw na ½ tasang mantikilya, ½ tasang asukal, 3 kutsara ng katas ng lemon, 1 kutsara ng ginayat na balat ng lemon at 1 kutsaritang asin. Ihalo ang 3 itlog na binating mabuti. Pagkatapos ay ihalo sa 2 at ½ tasa ng arina. Ihalo naman sa "yeast batter". Dagdagan ng 1 at ½ tasa ng pasas, 1 latang may tatlong onsa ng **citron** at 1 latang may tatlong onsa ng **orange peel.** Takpan at hayaang umalsa sa isang mainit na pook na ligtas sa dumi. Ang kailangang tagal ay 1 at ½ oras. Lutuin sa pugon sa init na 350°F sa loob ng 50 hanggang 60 minuto



*Ang nasa larawan ay si Annie Olivares. Angkop na angkop ang kanyang suot na jeans, pang-itaas na "H"-line at sambalilong buntal para sa isang iskursiyon o piknik.*

# Mga Damit na Pantag-init





*Sa itaas ay makikita si Annie na naka-palda at blusa, isang napakaginhawang kasuotan na magagamit sa maraming pagkakataon. Sa kanan ay "shorts" at "T-shirts" naman. Ang kasuotang ito ay magagamit na pambahay lalo na ngayong napakainit ang panahon.*



Makikita sa gawing kaliwa ang blusang yari sa "pique". Lalong naging kaakit-akit nang lagyan ng "piping" na laso ang leeg.



Ang na sa larawan sa kanan, itaas, ay napakadaling gawin. "Baby Collar" at ang manggas ay lampas lamang ng kaunti sa braso. Tatlong piraso ang palda at pinagkabit ang na sa harapan sa pamamagitan ng paglalagay ng tuwid na tahing pinagsalubong,

# Iba't Ibang Tabas Ng Blusang Pang-Upisina




Ang blusa ay yari sa manipis na tela. Nilagyan ng manggas na "tailored" at butones sa harapan. "Pencil cut" ang tabas ng palda.

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# Mga Hirap At Kasiyahan Ng Isang Nagpepenitensiya



DATI-RATI, si Mang Puten ay walang kasundo, walang kabatian, walang kasingsungit. Subali't nang magsimula ang Mahal na Araw, lahat halos ng kapitbahay at mga kakilala niya ay kanyang nilalapitan, binabati, nginingitian. Ito ay hindi nababago tauntaon. At tuwing sasapit ang Biyernes Santo, para siyang isang buhay ng Kristo... lamang, sa halip na pagpapako sa krus, parusa sa sarili ang kanyang tinatanggap (penitensiya, sa maikling salita.)

Naito ang mga lihim sa likod ng tabing:

T. Bakit po kayo nagpepenitensiya tuwing Biyernes Santo?

S. **Sapagka't diyan ko natatagpuan ang magkalangkap na kahirapan at kasiyahan.**

T. Ano po ba ang sarili ninyong pakahulugan sa salitang penitensiya?

S. **Iyan ang pagpapahirap ng isang tao sa kanyang sarili upang makapagtamo ng kasiyahan. Gaya nga ng sinabi ko, magkalangkap ang dalawang damdaming iyan.**

T. Tila po talinghaga 'yan, a. Paano po magtatamo ng kasiyahan ang isang tao kung siya'y nagdurusa?

S. **Walang talinghaga riyan. Hindi ko maipaliwanag, nguni't siya kong nararamdaman.**

T. Ano po bang talaga ang layunin ng pagpepenitensiya?

S. **Ang makapagtamo ng kapatawaran. Alam mo'y masyado nang maraming makasalanan ngayon. At kung hindi pa sila matututong magissi ay baka tayo lumubog sa pagkakasala.**

T. Kayo ay nagpepenitensiya; ibig pong sabihi'y makasalanan kayo?

S. **Mahirap sanang aminin, pero, oo na nga.**

T. Anu-ano po naman ang inyong mga kasalanan?

S. **Aba, hindi ka naman pari, a. Pero... buweno, alam mo'y marami ang kasalanan ko — sa iba-ibang tao.**

T. Kani-kanino po kayo nagkakasala?

S. **Sa aking mga anak, sa aking asawa, sa aking biyenan, sa aking kapitbahay at sa aking sarili.**

T. Sa Kanya po...?

S. **Sa Kanya... sa Kanya... a, ang ginawa ko sa aking kapuwa ay ginawa ko rin sa Dakilang Lumikha. Kaya sa kabuuan ay Siya ang pinagkasalahan ko.**

T. Anu-ano po ang kasalanan ninyo sa inyong mga anak?

S. **Malupit ako sa aking mga anak. Hindi ko sila binibigyan ng pagkakataong mapabuti. Ang ibig kong sabihi'y ito: ang mga anak kong dalaga'y hindi ko pinaliligawan, ang mga lalaki'y pinipilit kong magsuot ng lo weyst, at ang mga bata'y lagi kong pinapalo.**

T. Anu-ano naman po ang kasalanan ninyo sa inyong asawa?

S. **Marami-rami rin. Tuwing suweldo, bago ako umuwi ng bahay ay nagpupunta muna ako sa tupada; mabilis akong magdudumi ng damit kaya labis ko siyang pinahihirapan; at hindi na ako umiigib ng tubig na gaya ng pangako ko sa kanya nang binata pa ako.**

T. Tungkol po naman sa kasalanan ninyo sa inyong biyenan?

S. **Sa tuwing magkakasala ako sa aking asawa ay nagkakasala rin ako sa aking biyenan.**

T. Paano po iyon?

S. **Nang mamanhikan ako sa kanya'y sinabi kong paliligayahin ko ang kanyang anak.**

T. Anu-ano po ang kasalanan ninyo sa inyong kapitbahay at sa inyong sarili?

S. **Pag nagkasala ako sa aking sarili'y nagkakasala rin ako sa aking mga kapitbahay.**

T. Na naman po?

S. **Sabi Niya: Alagaan mo ang iyong sarili at aalagaan kita. Sa halip na magpalusog, ako'y umiinom ng alak. Ito'y pagsira sa aking katawan. At sa tuwing malalasing ako'y nagugulo ang aking mga kapitbahay.**

T. Hindi po ba ninyo mapigil ang inyong sarili sa paggawa ng mga kasalanang binanggit ninyo?

S. **Iyan nga ang mahirap, e. Matay ko mang magpakabuti'y lagi akong nabubuyo.**

T. Kung sabagay po'y walang napakabuting tao upang hindi magkasala.

S. **Salamat, iho. Kaya naman kahit na tuwin-**

*(Sundan sa pah. 19)*

# "UTAK AT KALULUWA NG KATIPUNAN"

NANG magsadya kami sa tahanan ni Don Exequiel Dizon, sa purok . ng Sta. Cruz, Maynila ay buong lugod kaming tinanggap.

—Ano po ba ang malpaglilingod namin sa inyo? —naitanong ni Don Exequiel nang kami'y nakaupo na.

—Kami po ay nagsadya rito upang makakuha ng ilang mahahalagang ulat tungkol sa buhay ng isa sa mga dakilang bayani ng ating lahi, si Emilio Jacinto. Alam po namin na kayo, bilang pinsang-buo ng bayani at isa sa kanyang mga nakasama noong panahon ng kanyang kabataan, ay siyang higit na may karapatang makapagbigay ng makasaysayang mga ulat, —naisagot namin.

Napangiti ang matandang lalaki. Kumuha ng isang tabako sa ibabaw ng mesa at nagsindi. Pagkatapos ay saka nagsimula sa kanyang pagsasalaysay...

NOONG nabubuhay pa si Emilio Jacinto ay diyan lamang nakatira sa daang Magdalena. Ang kanilang tahanan ay na sa tapat ng aming bahay. Siya ay nag-iisang anak nina Mariano Jacinto at Josefa Dizon, kapatid na bata ng aking ama. Ang kanyang ama ay isang kilalang **tenedor de libros,** samantalang ang kanyang ina ay isang hilot. May pagawaan sila ng tabako sa kanilang bahay, na ang iba ay pasadya at ang iba ay inilalako.

Gayonman ay naghihirap pa rin sila sa buhay. Sa pamamagitan ng aking ama av nakuha ni Emilio Jacinto na makapag-aral sa kolehiyo ng San Juan de Letran. Sa kanyang pagpasok sa paaralan ay pawang mga lumang damit ang kanyang isinusuot at ang nagiging sintas ng kanyang sapatos ay ang lumang laylayan ng saya ng kanyang ina.

Ang kahirapang dinaranas sa buhay ni Miling, iyan ang tawag namin sa kanya, ay siyang nagbigay sa kanya ng tigas ng damdaming nagsilbing sandata niya sa gitna ng kahirapan at sa mga panganib na kinasuungan niya sa parang ng labanan.

Si Miling ay lubhang mahilig sa pagbabasa. Ang mga aklat na karaniwan niyang binabasa ay ang mga nauukol sa himagsikan, tulad ng **La istoria de la Revolucion Francesa** at ang **Los Misterios de la Inquisicion.** Mayroon din siyang mga aklat ni Rizal na tulad ng **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo.** Dapat malaman ng lahat na si Dr. Jose Rizal ay siyang idolo ni Miling sa **Literatura** at si Marcelo H. del Pilar naman ay siya niyang idolo sa pulitika.

Noong Mayo, 1893 ay iniwan ni Emilio Jacinto ang kanyang pag-aaral ng batas sa Unibersidad ng Santo Tomas. Sumapi siya sa lihim na kilusan ng Katipunan. Sa tulong ni Jose Turiano Santiago, na isang delegado ng **Konseho Suprema** sa purok ng Trozo, si Miling ay madaling natanggap sa kilusan.

Mula nang mapasapi si Miling sa Katipunan ay malaki ang iniunlad ng kilusan. Lubos na nagtiwala sa kanya ang Supremo. Dahil sa kanyang pambihirang katalinuhan ay siya ang ginawa ni Bonifacio na kalihim ng kilusan at matapat na kasangguni.

Ang ugali niyang mapag-isip at mahinahon, nguni't mapusok sa inaakalang matwid, ay siyang labis na kinalugdan ni Andres Bonifacio. Dahil dito, ang bawa't pangungusap ni Miling ay batas na sinusunod ng kanyang mga kasamahan.

Noong Enero, 1896 ay isinilang ang pahayagang "Kalayaan". Ang pangunahing layunin ng pahayagang ito ay upang maging bibig ng kilusan at tuloy pukawin ang natutulog na damdamin ng mga mamamayan.

Ang pinaglilimbagan ng pahayagan ay nabili kay Antonio Salazar at ang salaping ibi-



**Bagama't isang anak-mahirap, si Emilio Jacinto ay nakapagtayo ng dambana sa puso ng kanyang bayan na kailan man ay di maiguguho ng panahon.**



**Nang binabalak nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto at ng iba pang kasapi sa Katipunan ang gagawing pagbabangon laban sa bansang Espanya.**

# DAMBANA AT *Pangako*

*nina* MARTIN P. PANTALEON *at* GREGORIO R. FLORENCIO



**SUMUNOD SINA DON SERVANDO UPANG HADLANGAN ANG MASAMANG BALAK NINA LUIS AT GINOONG BUENAFLOR, NGUNI'T . . .**

(Ika-31 Labas)

MAHABANG sandaling na natiling tahimik na nagtitinginan sina Karyas at Tinoy habang mabilis na pinatatakbo ni Ginoong Buenaflor ang awto. Waring naghihilian silang mag-usisa kay Ginoong Buenaflor.

—**Boss,** —tawag ni Karyas kapagkuwan, —saan ba ang lakad natin?

—Huwag mo nang itanong. —Pilit ang pagkakasagot ni Ginoong Buenaflor. —Basta humanda kayong dalawa.

—Nguni't mahirap nang mapasubo kami, —ani Tinoy. —Mabuting malaman namin ang aming gagawin.

—Para kayong hindi dati, —sabi ni Ginoong Buenaflor. —Natatakot ba kayo?

—Ano naman ang palagay mo sa amin, **Boss?** —patanong na sagot ni Karyas. —Sanay kami sa bakbakan. Kaya lang gusto naming malaman ang lakad natin ngayon ay para makagawa ng magagandang **istrok.**

Bagaman nais pang mag-usisa ay nagsawalang-kibo na sina Karyas at Tinoy. Ayaw nilang ipahalata kay Ginoong Buenaflor na kinakabahan sila. Natatakot.

Kinapa-kapa ni Tinoy ang rebolber na nakasukbit sa kanyang baywang. Binunot naman ni Karyas ang ga-dangkal na balisong. Kumikislap sa tama ng liwanag na naglalagos sa salamin ng kotse ang talim ng balisong.

Huminto sa tapat ng isang aliwang panggabi sa Tundo ang awto. Saglit munang nilibot ng masid nina Ginoong Buenaflor ang paligid —ang mga barungbarong na nakahanay sa magkabilang ibayo ng lansangan. Namumukod sa kapaligirang iyon ang aliwang panggabi.

Bumaba sa awto si Ginoong Buenaflor nang lumabas sa aliwang panggabi si Luis. Tinanguan lamang ni Luis si Ginoong Buenaflor at tuluy-tuloy na tinungo ang kotseng nakahimpil sa di-kalayuan.

—Ikaw na ang magmaneho nito, Karyas. —sabi ni Ginoong Buenaflor. —Doon ako sasakay sa kotse ng kasama natin.

—Ano ang gagawin namin, **Boss?** —muling tanong ni Tinoy.

—Malalaman ninyo mamaya, paiwas na tugon ni Ginoong Buenaflor. —Sumunod kayo sa amin, Karyas.

Dinatnan ni Ginoong Buenaflor na binubuhay na ni Luis ang makina ng awto. Dali-dali niyang binuksan ang pinto niyon sa unahan at lumikmo siya sa tabi ni Luis. Hanggang sa lumalakad na ang awto'y wala silang imikan.

Mula sa parihabang salamin sa ulunan ay nakita ni Ginoong Buenaflor na sumusunod sa kanila ang awtong minamaneho ni Karyas. Kapuwa mabilis ang takbo ng dalawang sasakyan.

—Halos hindi ako makapaniwalang narito ka, Luis, —sa di-kawasa ay nasabi ni Ginoong Buenaflor. —Akala ko'y na sa Amerika ka... nag-aaral.

Marahang lumingon si Luis bago nagsalita: —Mag-iisang buwan na ako sa Maynila, Mister Buenaflor.

Napakunot-noo si Ginoong Buenaflor, hindi dahil sa tinuran ni Luis. Hindi siya nag-aalinlangan kay Luis. Ang ipinagtataka niya'y ang anyo niyong pinatitigas ng nakabadhang galit... ang masangsang na amoy ng alak na nalanghap niya at waring nanalugsog sa kanyang utak.

—Lihim akong umuwi upang tuklasin ang katotohanan tungkol sa amin ni Aida, Mister Buenaflor, —patuloy ni Luis. —At napilitan din akong magbalik buhat sa Hongkong dahil sa pagkasuklam ko sa aking mga magulang.

—Luis...

—Nabigla kayo marahil, Mister Buenaflor. —Makabuluhan ang pagkakangiti ni Luis. —Nguni't ipaliliwanag ko kung bakit ako namuhi sa kanila... Sapagka't hindi nila ako pinadalhan ng salapi. Sulat lamang ang tinanggap ko. At hindi ko na binuksan pa iyon nang maaninag kong walang kalakip na tseke.

Nabasa ni Ginoong Buenaflor sa mukha ni Luis ang poot — ang kabagsikang madalas niyang mabakas sa anyo nina Karyas at Tinoy kung mayroon silang lakad.

—Dahil sa paghihimagsik ng kalooban ko sa ginawa ng aking mga magulang, minabuti kong umuwi sa pamamagitan ng salaping hiniram ko kay Lola Ming, —pagsasalaysay ni Luis. —Itinakwil ko na ang aking kinabukasan, Mister Buenaflor.

—Naging mapusok ka sa pagpapasiya, Luis, —naipakli ni Ginoong Buenaflor.

—Marahil, —ani Luis. —Nguni't napatunayan kong hindi ako nagkamali, Mister Buenaflor, nang matuklasan ko ang katotohanan tungkol sa amin ni Aida.

Natilihan si Ginoong Buenaflor.

—Binalak kong yayaing magtanan si Aida upang mamuhay kaming tahimik sa aming sarili, —wika ni Luis. —Nguni't nang magtungo ako sa inyo isang gabi ay nakita kong may kausap siyang lalaki na nabatid kong Eddie ang pangalan. Mula noon ay nagmanman ako hanggang sa magtanan sila kanina.

—Ano ang ibig mong gawin ngayon?

—Hindi ko matatanggap na maangkin siya ng iba, Mister Buenaflor. Iyan ay nangangahulugan ng aking kataluan. Kailangang agawin natin siya... kailangang maging akin siya sa ano mang paraan.

Patuloy ang mabilis na paglalakbay ng dalawang sasakyan sa lansangang pambansa.

NAGMAMADALING pumanhik si Don Servando sa tahanan nina Ginoong Buenaflor. Na sa hagdanan pa lamang ay tinawag na niya si Ginoong Buenaflor. Nguni't si Inday ang sumalubong sa kanya sa may pintuan.

Nagtangkang magpaliwanag si Inday, subali't parang hindi napansin ni Don Servandong tuluy-tuloy na pumasok sa kabahayan habang tinatawag si Ginoong Buenaflor. Gayonman, nang walang sumagot ay pamaang at napapahiyang binalingan ni Don Servando si Inday na susunud-sunod lamang.

—Wala po rito si Mister Buenaflor. —paliwanag ni Inday.

—Si Misis Buenaflor?

—Na sa kanyang silid po, —sabi ni Inday. —Kanina pa siya nag-iiyak... at makalawa nang nawalan ng malay. Palagay ko'y hapung-hapo siya ngayon.

—Nguni't bakit? —nagtatakang tanong ni Don Servando. —Ano ang nangyari?

—Nagtanan daw po si Senyorita Aida...

Biglang nanlaki ang mga mata ni Don Servando. Biglang-bigla rin siyang napabulalas ng tawa. At nang makitang nagugulumihanan si Inday ay masaya siyang nagsalita.

—Diyaskeng mga bata, —aniya. —Nagtanan pa'y wala namang tumututol sa kanilang pagmamahalan. Sana'y nagsabi sila kung gusto nang pakasal para nakapagpagawa muna ako ng bahay na matitirhan nila pagbabalik buhat sa pagpupulot-gata.

—Don Servando, ang kasama po ni Senyorita Aida'y si...

—Alam ko na, iha, —tuwang-tuwang agaw ni Don Servando. —Matagal ko nang alam ang pagkakaunawaan nila ni Luis. Katunayan ay naipahayag ko na iyon sa lipunan. Talagang ipakakasal ko sila pagdating ni Luis buhat sa Amerika.

—Nguni't, Don Servando, —giit ni Inday, —di raw po si Doktor ang kasama ni... Senyorita Aida.

—Ano?

—Di raw po si Doktor ang kasama ni Senyorita Aida, —ulit ni Inday. —Si Mang Eddie raw po.

Kagyat na napawi ang pagkamanghang nabadha sa anyo ni Don Servando. Dahan-dahan siyang napahandusay sa sahig. Nawalan ng malay.

Nalito si Inday. Nagpagibik. Malakas na tinawag si Ginang Buenaflor. At nang lumabas sa silid si Ginang Buenaflor ay saka lamang siya nabuhayan ng loob. Tinulungan niya sa pagtindig si Don Servando na pinanunumbalikan na ng naglahong ulirat.

Napahiya si Don Servando nang makitang makatayo sa tabi ni Inday si Ginang Buenaflor. Nababakas pa sa mga mata ni Ginang Buenaflor ang ilang sandaling pagluha.

—Dinaramdam ko, —nasambit ni Don Servando. —Dina-

ramdam ko rin ang nangyari, Don Servando, —malumanay na sagot ni Ginang Buenaflor. —Hindi ko akalaing gagawa ng gayon si Aida.

—Si Luis ang dahilan ng pagparito ko, Misis, —ani Don Servando. —Nakita raw ng tsuper namin si Luis kina nina. At nagbaka-sakali akong nagdaan muna siya rito.

—Tumawag siya kay Pepe, —pagtatapat ni Ginang Buenaflor. —Magkikita raw sila sa Tundo. Aywan kung ano ang gagawin nila.

Inihimatong ni Ginang Buenaflor kay Don Servando ang aliwang panggabing pag tatagpuan nina Luis at Mister Buenaflor. Matapos makahingi ng paumanhin sa nalikhang kagambalaan ay nagkukumahog nang nanaog si Don Servando.

Tinungo nina Don Servando ang aliwang panggabing inihimaton ni Ginang Buenaflor. Balisang-balisa si Don Servando, waring kinukutubang may masamang mangyayari kina Luis at Ginoong Buenaflor.

Wala na sina Luis sa aliwang panggabi nang dumating sina Don Servando.

—Hala, tuwirin mo ang kalsadang ito, —utos ni Don Servando sa tsuper nang makasakay nang muli.

—Pero saan po tayo tutungo?

—Kahit saan, —payamot na tugon ni Don Servando. —Bilisan mo... sa **highway.** Baka-sakaling doon sila nagdaan.

SAMANTALA, dahil sa napansing pagkaibay ni Luis, hiniling ni Ginoong Buenaflor na siya na ang magmamaneho ng kotse. Nguni't tumanggi si Luis.

—Huwag kayong mag-alala, Mister Buenaflor. Sanay akong mag-**drive.** Saka, ako ang nakaaalam ng patutunguhan natin.

Hindi na nagpilit si Ginoong Buenaflor. Batid niyang mabibigo lamang siya. At nangangamba man ay nagkunwa siyang panatag sa pagkakasandal. Pasulyap-sulyap siya sa parihabang salamin sa ulunan. Sa di-kalayuan sa likuran ay sumusunod ang isang kotse —ang minamaneho ni Karyas.

Subali, biglang sumilaw sa mga paningin nina Luis ang liwanag na isinabog ng isang trak ng gasolina na sumulpot sa palikong lansangan. Bigla ring kinabig ni Luis ang manibela at ang awto'y sumadsad sa bukid.

Kasabay ng nakangingilong alingawngaw na lumuray sa katahimikan ay nagdilim kina Luis at Ginoong Buenaflor ang kapaligirang nalalatagan ng liwanag ng buwan.

(TATAPUSIN)

# ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO



**BASTA paninindigan sa buhay ang pinag-usapan, bida na si Tata Ambo. Si Tata Ambo na yata ang pinakamagaling na lalaki sa sa buong baryo. Kapag sinabi niyang paninindigan niya ang gano'n at ganito, paninindigan nga niya iyon kahit magkad'yaski-d'yaski ang tabakuhan. At marami nang napanindigan si Tata Ambo. Nagtagumpay naman siya.**

**Nguni't ang mapakla (para kay Tata Ambo lang) ay ang nangyari nitong nakaraang linggo. Nito bang... teka, ang mabuti'y iistorya na natin. Walang labis, walang kulang, ito ang istorya...**

## HULING "TAYO" NI TATA AMBO

Noong nakaraang buwan ay nagtanan si Onyang, ang bunsong anak ni Tata Ambo. Biglang nagalit si Tata Ambo. Hindi raw niya akalain. (Hindi naman niya binanggit kung alin ang hindi niya akalain). Talaga raw nga palang si Onyang ay walang gagawing mabuti. (Si Onyang ang naging dahilan ng pagkasunog ng unang bahay nila. Mangyari'y nagbasa si Onyang ng komiks habang nagsasaing.) Tutoo nga raw pala ang hinala niyang si Sinte, ang sinamahan ni Onyang, ay may gagawing hindi mabuti. Sinasabi niya na nga ba raw niya kay Onyang na huwag si Sinte ang pipiliin. Ano raw ba ang mapapala ni Onyang kay Sinte? Wala raw napakinabang ang mga magulang kay Sinte. Kung sa mga magulang daw na pinagkakautangan ng buhay, sampu ng trabaho ni Sinte, ay hindi ito natutong magintrega ng suweldo, kay Onyang pa? (Hmm!) Pihado raw na mamatamisin pa ni Sinte ang ipatalong lahat sa madyong ang kita niyon kaysa iintrega kay Onyang.

Maraming sinabi si Tata Ambo. Maraming kung papatulan ni Sinte at ng mga kamag-anak nito'y baka matagal nang nagkagiyera sa aming baryo. Baka natapos na ngayon ang Giyerang **Sinte-Ambo.** At sa galit nga ni Tata Ambo sa pagkakatanan ni Onyang at ni Sinte ay nagbigay siya ng isang bagong paninindigan: **Hindi makatutuntong ng bahay ko ang Sinteng iyan at ang pinutakting Onyang na 'yan! Itaga n'yo sa bato.** Ito'y isinigaw ni Tata Ambo sa buong baryo, isang madaling araw, mga ilang araw na makapagtanan sina Onyang.

Nguni't hindi nagulat sina Onyang. Isang gabi, sumipot na kasama ang mga magulang ni Sinte at si Ka Mune, ang tininte del baryo. (Alam n'yo'y mula nang maging tininte si Ka Mune ay wala pa siyang nagagawa para sa baryó kundi ang magpanhik ng mga nagtatanang ayaw papanhikin ng mga pinagtananan).

Sa hagdan pa lamang ay umabante na si Tata Ambo. Hawak ang itak. Ang sabi: —Tininteng Mune, hinahangaan ko ang katapangan mo sa pagdadala sa kanila rito sa aking pamamahay. Nguni't bibigyan kita ng babala—kung ayaw mong **masayang** c, huwag ka nang tumuloy.

Hindi raw nakapanhik si Tininting Mune. Umiiyak daw si Onyang nang lumabas ng bakuran.

—Sa ibang araw ay lalamig din ang kanyang ulo, Ineng. Babalik tayo para makapanhik na kayo sa madaling panahon, —pang-aalo naman daw ni Ka Mune kina Onyang at Sinte. —May naisip akong paraan, —dugtong pa.

Pagkaalis nina Ka Mune ay nagmamagaling pang nagbida si Tata Ambo sa tindahan ni Ka Islaw.

—Talaga kayang hindi na makapapanhik 'yang sina Onyang, ha, Pare? —tanong ni Ba Tintoy kay Tata Ambo matapos nitong ipagmayabang na kahit si Tininte ay hindi niya kinatakutan.

—Ay, naku, Pare, mahirap na lang magsalita nang tapos. Nakita mo naman ang nangyari. Hayun, nakita mo kung pa'no lumabas ng tarangkahan ko ang mga binagkat ng d'yaski. Subukin lang nilang magbalik, e, di nakita na nila ang kanilang hinahanap. Ako, Pare, sabagay e, wala namang ipinagmamalaking yaman. Pero, kung 'yan lang namang pamilya nina Sinte e, kaya ko segurong bilhin. Kaya, kung ang dahilan lang ng pagpipilit nilang pumanhik sa akin, e, mapatunayan nilang kaya nilang buhayin ang anak ko... E, huwag na silang magkakamali at baka magkahiyaan na.

—Hindi sa ako'y nanghahamak ng kapuwa. Basta ayaw ko lang kay Sinte at ayaw ko sa ginawa ni Onyang sa akin. Ano'ng palagay nila sa akin, tautauhan? Sinabi ko na, huwag papatulan ang Sinteng iyon... 'Ba, e, akalain mong... naku, Pare... talagang kungdi ka makapagpipigil, e, talaga namang makakapatay ka 'ata ng, naku, ewan ko nga ba, oo.

Si Ba Tintoy ay tuluyan nang napipilan. Hindi niya malaman kung ano ang isasagot sa mga sinasabi ni Tata Ambo. Mahirap nang sagutin si Tata Ambo kapag nanginginig na ang boses. At nang hindi umiimik si Ba Tintoy ay nagpatuloy si Tata Ambo.

—Talagang hindi ko na gustuhan ang ginawa nila, Pare. Babit, nalaman na ba nila na ako'y hahadlang kaya ako ginano'n? Isipin mo na lang, Pare... labingwalong taon mong pinakain-kain ang anak mo, labingwalong taong pinangalagaan mo, pinapag-aral ko pa nang anim na taon ang pinutakteng Onyang na 'yon, labing walong taon mong tinustusan ng kapritso, ng damit, ng lahat... at pagkatapos e, basta nanakawin na lang ng isang pilatong... naku, oo. Mabuti na lang kung medyo kursunada mo ang nanakaw. E, nagkataong ayaw na ayaw ko kay Sinte! Naku, Pare... sinabi ko sa iyo... puputi ang mga uwak, hindi makapapanhik ng bahay ko ang mga pinutakting iyan. Itaga mo na sa batong buhay, Pare. Sinabi ko sa iyo...

Lasing nang umuwi si Tata Ambo nang gabing yaon... Lasing na lasing... Sisiway-siway... Kakanta-kanta... Iiyak-iyak na ang tinatawag ay si Onyang... Sa kanta nama'y si Onyang din ang tinatawag... Kapag gayong lasing si Tata Ambo ay panay kontra naman sa mga sinasabi niya tungkol kina Onyang ang namumutawi sa kanyang bibig. Nguni't sa sandaling luminaw ang isip ay nababalik na sa dati ang kanyang mga dayalugo: Huwag silang magkakamaling magtangkang ipanhik uli ang Onyang na 'yan dito. Naku, para na ninyong awa ...Sabihin ninyo sa kanila na huwag silang magkakamali... Ayaw ko pang pumatay ng buhay.

Kung naririnig nina Onyang at Sinte ang ipinanabi ni Tata Ambo ay walang makapagsabi. Nguni't sina Onyang at Sinte ay ganap nang nanahimik. Hindi na sila nakikitang nagpupunta sa bahay nina Ka Mune. May ilang buwang natahimik ang baryo tungkol sa pagtatanan o pagsasama nina Onyang at Sinte. At si Tata Ambo, hindi man natahimik ay nagpakita na rin ng mga palatandaang **lumalamig** na hinggil kina Sinte at Onyang. Iba na ang sinasabi niya sa mga nakakau-

(*Sundan sa pah. 31*)






(Ika-13 Labas)

MATAPANG ka... bagama't batang-bata ka. —humahangang sabi ni Koronel Villa, at muling hinagod ng tingin ang kabuuan ng patpating si Mario. —Pero hindi tapang lamang ang kailangan namin dito. Kailangan namin ang mga kabataang marunong umibig sa Pilipinas. Sapagka't dakila at banal ang makabayang layuning aming itinataguyod. Ipinakikipaglaban namin ang kalayaan ng mga Pilipino.

—Ibig kong pumatay. Ibig kong... ipaghiganti ang aking ama! —walang gatol na pakli ni Mario.

—Matutupad ang nais mo.

Sandaling huminto sa pagsasalita si Koronel Villa, at masusing pinagmasdan si Mario.

—Pero... palagay ko'y dapat namang mapaukit sa iyong damdamin ang pag-ibig sa bayan. Dapat mong maunawaan ang kahulugan ng ating pamumundok, ng ating pakikilaban, upang lalong maging mabisa ang pakikilaban mo. Nguni't... A... hindi na bale. Walang kabuluhan ang mga pangungusap. Sabihin ko man sa iyo ngayon... higit na mabuti na ang karanasan ang pumukaw sa iyong damdamin.

Nang araw na iyon ay napabilang na sina Mario at Imon sa mga gerilyang pinamumunuan ni Koronel Villa. Nangangailangan ng maraming tauhan ang koronel, at madali nitong tinanggap ang dalawang baguntao.

MAG-IISANG linggo nang nakukulong si Mang Karyas sa garison. At sa loob ng panahong iyon ay malaki rin ang inihulog ng kanyang katawan. Minsan isang araw lamang kung sila'y dalhan ng pagkaing hindi mahalay sabihing maiaagapay sa pagkain ng baboy.

Noong unang idulot ang pagkaing iyon sa mga bilanggo, si Mang Karyas ay hindi nakakain. Sumakit ang kanyang tiyan sa gutom. Nang malaon ay napilit ni Mang Karyas ang kanyang sarili na kumain. At batid niyang kailangan niya ang kumain, kahit papaano, upang magkaroon siya ng lakas.

Nguni't hindi lamang ang kakulangan sa pagkain ang numakaw sa lakas at kalusugan ni Mang Karyas at ng iba pang mga bilanggong naroon sa garison. Labis na dinaramdam ng kanilang katawan at isipan ang makahayop na pagpaparusa. Umaga't hapon ay dinadala silang isa-isa sa isang kuwartong parusahan. Natikman na nila ang halos lahat nang uri ng pagpaparusa. Paghagupit sa likod hanggang sa malungayngay at mawalan ng malay-tao ang pinarurusahan. Paglulubog nang patiwarik sa maburak at mapalut-palot na balon. Pagbabaga ng bakal at pagdidiit niyon sa mga kalamnan ng bisig, binti, at hita. At iba't iba pang makahayop na parusa.

Tadtad na ng latay ang namamagang likod ni Mang Karyas. May mga sugat siyang nagnanaknak sa mga bisig, binti, at hita na likha ng nagbabagang bakal na idiniit ng malupit na berdugo. Labas na ang kanyang mga balikat. Nag-usli na ang mga buto sa kanyang pisngi. Nguni't matatag pa rin si Mang Karyas. Ikinararangal niya na kailanman ay hindi siya napasigaw ng mga kaaway kapag pinarurusahan na.

Nang araw na iyon, si Mang Karyas ay dinala na naman sa silid na parusahan. Pinaupo siya sa harap ng mabalasik na punong Hapones, at sinimulang kausapin niyon sa pamamagitan ng interpreteng Pilipino.

—Kung handa ka na raw magsabi ng totoo? —sabi kay Mang Karyas ng interprete.

Umiling si Mang Karyas. —Sabihin mo sa kanya, —aniya sa tinig na namamaos nguni't naghahayag pa ng katatagan, —na wala siyang mapapala sa akin. Mabuti pang patayin na niya ako!

Namula ang opisyal matapos maipaliwanag dito ng interprete ang sinabi ni Mang Karyas. Matagal itong hindi kumibo. Mayamaya'y inililis ang manggas ng baro. Ipinakita kay Mang Karyas ang bisig, saka nagsalita.

—Tingnan mo raw ang kanyang bisig, —pagpapaliwanag uli ng interprete. —Pareho raw kayo ng kulay. Kapwa raw kayo taga-Silangan. Ibang-iba ang kulay mo sa mga Amerikanong pinapanginoon mo at umaalipin naman sa iyong bayan. Puti sila. Ikaw naman ay kayumanggi. Naparito ang mga Hapon para palayain ang ating bayan. Nagpapakabulag ka sa paniniwala mo.

Hindi na kumibo pa si Mang Karyas, ano man ang sabihin ng Hapon. Nang malaon, hindi lamang ang pagpapaliwanag sa sinasabi ng opisyal ang tinungkol ng interpreteng Pilipino. Inulukan na rin nito si Mang Karyas na isigaw kung sinu-sino ang mga kilalang gerilya at kung saan matatagpuan ang mga iyon.

—Sundin mo lamang ang sinasabi ko, —wika pa ng interprete, —makalalaya ka. Makababalik ka sa asawa't mga anak mo. At kung tutulong ka sa amin, natitiyak kong hindi ka daranas ng gutom. Mananagana ka. Hindi mo na kailangang magtrabaho pa sa lupa.

Pagkasuklam at pagkamuhi ang nadama ni Mang Karyas. Natingnan niya nang matalim ang Pilipinong maka-Hapon. Nguni't hindi siya nagsalita gaputok man.

Nang malaon ay dumagok na sa mesa ang opisyal na Hapones. Dalawang kawal ang sumunggab sa magkabilang bisig ni Mang Karyas at inihiga siya sa sementadong sahig.

Pumikit na lamang si Mang Karyas at hinintay kung ano ang gagawin sa kanya. Isa-isang nagdaraan ngayon sa kanyang isipan ang iba pang mga pangit na larawan na nasaksihan na niya sa kulungang iyon.

Tatlo na sa limang kasamahan niya ang napapatay. Isa ang binaril. Dalawa ang hindi nakatagal sa makahayop na parusa. Kabilang si Mang Inte, ang ama ni Imon, sa tatlong iyon. At ikinararangal ni Mang Karyas na walang sinuman sa mga iyon ang sumigaw.

Inihanda na ni Mang Karyas ang kanyang kalooban sa kamatayan. Ba-

(*Sundan sa pah.* 21)

SA WAKAS, NALUSOB NINA MARIO AT IMON ANG KINAPIPIITANG GARISON NINA MANG KARYAS, SUBALI'T . . .



# Kayo Ba'y Umiibig, o Humahanga?

ni Saturnino Ocampo

**ANG PAG-IBIG AY IBA SA PAGHANGA, AT ANG BAWA'T ISA'Y MAY KANI-KANIYANG SUKATAN SA BAGAY NA ITO**

NGAYONG panahon ng atomika, malaganap ang taguring pag-ibig — at lalong malaganap ang nagaganap na "pag-iibigan". Sa lahat halos ng dako, makikitang magkakawit-kamay ang dalawang magkataling-puso; o magkaakbay sa sasakyan; o kaya'y magkatabing nanonood ng sine. Karamihan sa kanila'y mga tin-edyer at sa gayo'y nagsisipag-aral pa. Subali't tunay kayang sila"y umiibig... o humahanga lamang?

Walang nagsasabing hadlang ang edad ng tao sa pag-ibig. Nguni't maliwanag na isinaad ng isang manunulat na "ang buhay ay nagsisimula sa apatnapu (taong gulang)". At kung ang pag-ibig, katulad ng sinasabi ng marami, ay buhay — matatawag na *wala sa panahon* ang pag-ibig ng maraming napakababatang mangingibig.

Gayonman, may mga paraan ng pagsusuri sa tunay na pag-ibig. At, sapagka't ang pinakahuling tunguhin ng nangag-iibigan ay ang pagsasama matapos mapag-isang-dibdib, ang mga pagsusuring ito'y nauugnay sa magiging katayuan ng magsing-irog matapos na sila'y makasal.

*IISANG DAMDAMIN*

Higit na malaki ang pagkakataong magkatuluyan at maging maligaya sa hinaharap ang dalawang pinagtagpo ng iisang nasa, iisang hilig, at iisang bagay na inaayawan. Ito'y nagpapatunay na ang pala-palagay ng magkasintahan ay hindi magkakasalungatan. Dahil dito, malamang ang pagkakaunawaan kaysa pagkakagalit. At ang pagkakaunawaan ang sangkap na bumubuhay sa pag-ibig.

Kung ang dalawang nagmamahalan ay nagkakaiba ng panlasa sa mga bagay-bagay, paano nila maaasahang makabuo ng isang maaliwalas na tahanan sakaling sila'y mapag-isang-dibdib na? Kunin natin ang halimbawang ito: Isang lalaking mapag-alaala sa tahanan ang umibig at nakasal sa isang babaing mapagdalo sa mga pagtitipon. Sa simula, maaaring ang pagkakaibang ito sa paninindigan ay mapagtakpan dahil sa paniniwala nilang dapat silang magbigayan. Subali't sa dakong huli, mababagot ang bawa't isa. Ito'y simula na ng pagkawasak ng mga pangarap na binuo nilang dalawa.

Sa kabilang dako, kung ang magsing-irog ay may iisang kinawiwilihan at iisang inaayawan, bihirang sigalutan (kung mayroon man) ang hindi maaayos.

Ang pagkakaisa sa damdamin ay makikita sa mga karaniwang bagay lamang. Halimbawa'y kaisahan sa naiibigang uri ng kuwento, kaibigan, pagkain, pelikula, mga pananalita, kulay ng damit at iba pa. Kapag nagkasalungatan ang magkasintahan sa 5 sa bawa't 10 mga bagay na tulad nito, paghanga lamang at di pagibig ang kanilang nadarama sa isa't isa.

"Magandang bagay ang pag-ibig," sabi ng mga sikologong sina Johnson, Randolph at Pixley ng Amerika, "nguni't kung ang magkasintahan ay walang kinagigiliwang iisang bagay, mabuti pang limutin na nila ang katagang *pagibig*."

*IISANG BALAK SA KINABUKASAN*

Ano ang kabuluhan ng magandang pagsasamahan ng magkasintahan kung ito'y kusang maglalaho sa sandaling harapin na nila ang kanilang sarili paglagay sa tahimik?

May mga magkasuyong nabubusog sa kasalukuyang kaligayahang kanilang tinatamasa. Kung dumating ang sandaling ipasiya ng isa na lumagay sila sa tahimik upang bumalikat sa tungkulin ng isang mag-asawa, at tumanggi ang isa, nangangahulugang hindi sila magkatugon. Paghanga lamang ang nadama ng tumanggi.

Ang pagkakasundo ng magkasintahan sa kanilang mga balak ay magandang tanda ng mabuting pagsasama sa hinaharap. Ang kaisahan sa mga pangarap nila para sa magiging supling, sa mga kasangkapang binabalak nilang bilhin, at sa mga paraan ng paggasta ay magbibigay ng matibay na sandigan sa pamumuhay nila nang sarili.

Kapag hindi nabuo sa isang pangarap para sa isang magandang hinaharap ang pagtitinginan ng magkasi, paghanga at hindi banal na pag-ibig ang nangingibabaw.

*PAGNANASA SA KALINISAN*

May uri ng pag-ibig na nag-uugat lamang sa mga tuksuhan. Ang pagibig na ito ay maaaring tumubo nang panandalian o pangmatagalan.

Karaniwan sa pag ibig na madaling mag-usbong, nagkukulang ang magkasuyo sa mga dapat mabatid ng isa't isa. Magkagayon man, may mga umiibig na tumatanggap ng mga kapintasan ng kanilang iniibig. Sa ganito — kung sa halip na ituwid ang kapintasan o kamaliang nakikita sa isa'ay pagtatakip ang kanyang ginagawa — dinadaya niya ang kanyang sarili.

Halimbawa'y nakikita ng babae na bukod sa kanya'y may iba pang kinahuhumalingan ang lalaki, nguni't nagwawalang-bahala siya, hindi kaipala siya umiibig nang tapat. Manapa'y paghanga lamang sa katangian ng iniibig ang kanyang nadarama.

Hindi tulad ng karaniwang paniniwala, *ang pagibig ay hindi bulag*. Kusa lamang nagbubulag-bulagan ang umiibig. At pag ito'y nangyari, darating ang panahong magiging ganap na "bulag" ang umiibig na ito.

At, kung tunay mang hinahamak (o binabaka) ng pag-ibig ang lahat, unang-una niyang hahamakin ang lahat ng magdurungis sa kanyang kalinisan.

Tanging ang pag-ibig na malinis ang hindi nabibigo sa kinabukasan.

*MABUBUTING ANGKAN*

Sa mga pananaliksik na ginawa ng malalaking pamantasan ng Chicago, Standford at Cornell, napatunayang maliit ang pasubaling tunay ang pag. ibig ng mga magkasintahang kapuwa buhat sa mabubuting angkan.

Bagama't hindi ganap na umaangkop, ang kasabihang "kung ano ang puno ay siyang bunga" ay makapaghahambnig sa magulang at sa anak.

May mga ugaling napupulot ang isang anak sa mabuting pagsasamahan ng kanyang mga magulang at ito'y tinataglay niya sa paglaki. Dahil dito, kung ang mga anak ng mabubuting ina at ama ng tahanan ay magkakaibigan, hindi masasabing paghanga lamang ang nadarama nila sa isa't isa.

*MAARING MAGHINTAY*

Ngayong napapanahon ang pagiging magilas sa pangingibig ng mga tinedyer, malimit tayong makakita ng mga batang-batang magkasintahan. Kung tunay o hindi ang

(Sundan sa pah. 31)


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
TINAPOS NI DOC ANG OPERASYON, BINENDAHAN SI MUNTING KULOG SA TULONG NI LAURA... AT NAGLIGPIT NG KASANGKAPAN...
IYAN PA LANG ANG MAGAGAWA KO... SA NGAYON!
DOC, TINGNAN MO! AT PAKINGGAN MO ANG PAGHINGA NIYA!
UNTI-UNTING NAPANGITI ANG DATI'Y NAKASIMANGOT NA PUNONG SIOUX...
AT IBINALIK NG KAPATID NI LOBO ANG PATALIM NI DOC, BILANG TANDA NG KANYANG PANANALIG AT PASASALAMAT SA MABILIS NA PAGGALING NI MUNTING KULOG...
GAMOT NG PUTI, MABUTING GAMOT! KAIBIGANG PUTI, MABUTING KAIBIGAN!
OH, DOC NAGTAGUMPAY KA!
NAKU, DOC! ANO NGAYON ANG PAKIRAMDAM NG ISANG TAONG NAGING MAHALAGA NA SANA'Y BANGKAY NA NGAYON?
WALANG KATULAD!
ISANG LINGGO PA, ANG KAPATID NI LOBO, ANG KANYANG ANAK AT ANG MGA KABIG AY PUMUNTA SA PULUTONG NG PAPAALIS NA MGA WEGON...
NARIRITO NA NAMAN SILA!
'NGUNI'T IBA NA NGAYON!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
1-27
MGA KAIBIGAN KAYO! ISPIRITUNG HANGIN WALA DALANG BAGYO! MGA BUNDOK, HINDI TATARIK. KAPATID NI LOBO AT MGA KABIG MANGANGALAGA SA INYO SA MALAKING TUBIG!
PALAKARIN ANG MGA WEGON!
MAY AWIT ANG HANGIN... LANGIT MALUNINGNING... MAYAMANG LUPAIN... ATING SASAPITIN!
PATULOY SA OREGON
WAKAS.
SA SUSUNOD: GUS at JAQ ni WALT DISNEY
Distributed by King Features Syndicate.


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
HABANG NAGUGULO ANG DAIGDIG SA MALAKING KAHIWAGAAN--
"NAGWAGI SA TIMPALAK, SALAMANGKERONG NAWAWALA! SI NARDA, ANG 'BINIBINING DAIGDIG', AT SI MANDRAKE, AY PUMAILANLANG SA KALAWAKAN! 'IMPOSIBLE! SABI NG MGA DALUBHASA--"
AYWAN KO! NGUNI'T MANANATILI KA SA PIITAN HANGGANG SA MALUTAS KO'YAN! NASAAN SINA MANDRAKE AT NARDA?
NGUNI'T ANO'NG KINALAMAN NITO SA AKING TIMPALAK?
1
IMPOSIBLE! NAPAKALAKING KABABALAGHAN--PARANG MAHIKA NG ISANG BUMBAY!
NAKALILIKHA NG KABABALAGHAN SI MANDRAKE. SIYA ANG GUMAWA NIYON!
NGUNI'T NASAAN SI MANDRAKE AT SI NARDA?
2
HABANG LUMALALA ANG PAGTATALO--UKOL SA KINARORONAN NILA. PATULOY SILANG NAGLALAKBAY SA KAITAASAN, DALA NG MAHIWAGANG SASAKYAN--
3
MANDRAKE--ANO'NG NANGYAYARI SA ATIN?
NAHUHULAAN KO NA ANG IDEYA! KATAKA-TAKA, KAHANGA-HANGA! ANG MAHIWAGANG TIMPALAK AT AT ANG IMPOSIBLENG GANTIMPALANG--TINGNAN MO!
4
NAKABITIN SA KAITAASAN ANG MAY ISANG MILYANG HABANG SASAKYAN! PINASOK NILA ITO!
5
HUWAG KANG MATAKOT, BINIBINING--E, NARDA. NANALO KA SA IYONG PLANETA.
MAKIKITIMPALAK KA NGAYON, UPANG PILIIN ANG BINIBINING KALANGITAN, SA PINAKAMAGANDANG BABAE SA ATING SANLIBUTAN!
!
!
6
ITUTULOY.


Tarzan®
EDGAR RICE BURROUGHS
NAGWAKAS ANG SALUSALONG PANG-HAPUNAN NG REYNA NANG ANTUKIN ANG KANYANG MGA KASALO-- WALANG MALAY SA IPINAINOM NA PAMPATULOG NG DOKTOR-KULAM!
SI WALTER AY NAGKUNWANG INAANTOK DIN. "SA PALAGAY KO'Y MARAMI TAYONG NAKAIN," HABANG NAG-HIHIKAB AY USAL NIYA.
NATAHIMIK ANG LAHAT, HABANG BUONG PANANA-BIK NA HININTAY NI WALTER ANG GANAP NA PAG-KALIMOT NG MGA KASAMA.
PALIHIM NIYANG DINU-KOT ANG PATALIM NI TARZAN BUHAT SA SUKSUKAN NIYON--
DICK VANBUREN JOHN CELARDO
AT, PASUBUK-SUBOK NA LUMABAS, TINALUNTON NIYA ANG MAHARLIKANG KUBOL UPANG PUMATAY!
ISANG KAHINA-HINALANG INGAY ANG GUMULANTANG KAY KATHY AT ITO'Y NA-PATILI- SAPAGKA'T BATID NIYANG PAGPATAY ANG TANGKA NG MAHIWAGANG ANINO.
12-30 1347
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.


Hihintayin Kita
MALILIIT PA SINA HECTOR AT MELITA AY KAHILIHILI NA ANG PAGTITINGINAN. MALIMIT SILANG MAGHINTAYAN SA LILIM NG ISANG PUNO NG AKASYA SA MAY PAARALAN...
Kuwento ni NESTOR REYES
Guhit ni TEMY BAUTISTA
BAKIT NAMAN KATAGAL MO? KANINA PA KITA HINIHINTAY!
MANGYARI, E... INUTUSAN PA 'KO NG INAY!
SILA'Y NAGBINATA'T NAGDALAGA NA DI NAGBABAGO ANG MATAMIS NA PAGSASAMAHAN...
ALAM MO, MELITA... NAPANAGINIPAN KITA KAGABI!... ANG SAMA-SAMA NG LOOB KO! KASI BA NAMAN, NAGTANAN DAW KAYO NI FELIPE! ANG AKALA KO'Y TUTOONG-TUTOO NA...
KU!... KELAN MAGKATUTOO 'YON! KUNG SI FELIPE RIN LANG ANG MAPAPANGASAWA KO AY MAGPAPAKATANDA NA 'KONG DALAGA!
...HANGGANG SA ANG KANILANG MGA PUSO'Y MABUKLOD NG MATIMYAS NA PAG-IIBIGAN...
MALIGAYA KA BA SA ATING PAGMAMAHALAN?
WALANG KASING-LIGAYA, HECTOR!... AT KUNG ILALAYO KA RIN LAMANG SA AKIN NG MGA PANGYAYARI AY MABUTI PANG MAWALA NA RIN ANG AKING BUHAY!
NGUNIT ISANG ARAW, NATUKLASAN NILA ANG ISANG MAPAIT NA KATOTOHANAN...
ITAY...
MGA WALANG-HIYA!... TUTOO PALA ANG TINATANGGAP KONG BALITA! ANG BUONG AKALA NAMIN AY NAGTUTURINGAN LAMANG KAYONG PARANG MAGKAPATID, IYON PALA'Y...
ITAY!
BUHAT NGAYON AY HUWAG KO NANG MABABALITAANG KAYO'Y MAGKASAMA! AT IKAW, LALAKI! DAPAT MONG MALAMANG KINASUSUKLAMAN KO ANG TAONG TRAIDOR! AT PARA SABIHIN KO SA IYO ANG TUTOO, ANG ANAK KO'Y IPINAKIPAGKASUNDO KO NA SA ANAK NG MATALIK KONG KAIBIGAN! KAY FELIPE DE LA RAMA!
IYAN ANG TUTOO!... AT SA AYAW MO'T SA IBIG AY AKO ANG MASUSUNOD! HINDI MAAARING MASUBO AKO SA KAHIHIYAN!
IPINAKIPAGLABAN NINA MELITA AT HECTOR ANG KANILANG KARAPATAN SA PAG-IBIG, AT ISANG GABING SILA'Y LIHIM NA MAGTAGPO, NAGTIPAN SILANG MAGTATANAN SA KINABUKASAN...
HINTAYIN MO AKO ROON, SA GANAP NA IKASIYAM...
HIHINTAYIN KITA...
SA ORAS NG TIPANAN, HINDI SUMIPOT ANG BINATA...
WALA PA SIYA!... BAKIT KAYA?
HINDI NA NGA DARATING, SAPAGKA'T IPINAGKAIT SA KANILA NG TADHANA NA TULUYANG MAGKAHINANG ANG KANILANG MGA PUSO--KATULAD DIN NG IBANG SAWIMPALAD NA MAGKASUYONG PINAGLUPITAN NG PALAD SA IBABAW NG LUPA!
NABIGO ANG PAGHIHINTAY NI MELITA. TIRIK NA ANG ARAW NANG IPASYA NIYANG UMUWI... LIGALIG ANG ISIPAN SA DI MALAMANG PANGYAYARI. AT NAPAHAGULGOL SIYA NG PANANGIS NANG MATUKLASAN ANG KATOTOHANAN...
HECTOR!...OH, HECTOR!... SADYANG TAYO'Y KULANGPALAD! HU-HU-HU-HU...
HINDI NAPILIT SI MELITA NG KANYANG AMA NA PAKASAL KAY FELIPE. AT NAGDAAN ANG MGA TAON... NA NANATILING LUKSA ANG PUSO NG DALAGA. ANG PANGUNGULILA NIYA SA KASUYO AY INIHAHANAP NIYA NG BAHAGYANG ALIW SA MGA POOK NA MALIMIT NILANG PAGTALIKAN NANG MGA ARAW...
HECTOR... HINDI NA AKO MAKATATAGAL!... MALAPIT NA AKONG SUMUNOD SA IYO!... HINTAYIN MO AKO, MAHAL KO...
SAMANTALA...
HIHINTAYIN KITA, MELITA...
WAKAS




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-5 LABAS
ang nakaraan: PINAGTANGGOL NI LEANDRO SI TERESA. NAIPAGTAPAT NG DALAGA ANG SANHI KUNG BAKIT MINARAPAT NIYANG MAGHANAPBUHAY SA GAYONG PARAAN. SUMIPOT SI LULU... AT NAGPARINIG NG MAPANGUTYANG PANGUNGUSAP...
HINDI SIYA ANG YUMAYA SA AKIN! AKO ANG KUSANG SUMABAY SA KANYA SA HANGAD NA MALAMAN ANG ILANG MAHAHALAGANG BAGAY...
PERO HINDI KA NA BA NAHIYA SA TAO NA MASABING NAKIKITUNGO KA SA BASAHANG 'YAN! BA! PAHALAGAHAN MO NAMAN ANG PANGALAN NG ATING ANGKAN! LALO NA NGAYON... KANDIDATO ANG TIYO FILEMON!
katha ni EDDIE RAÑOLA
KUNG IYAN ANG AKALA MO AY NAGKAKAMALI KA, LULU! HIGIT NA DAPAT TAYONG MAGPAKUMBABA NGAYON UPANG MAPALAPIT SA KALOOBAN NG MGA TAO!
PERO HINDI SA GANYANG PARAAN NA PINABABABA MO ANG IYONG SARILI!... SAKA, ANG PRINSIPAL NA IKINAGAGALIT KO AY TILA WALA NA AKONG HALAGA SA IYO! NATIIS MONG MAPANGHAL AKO SA KAHIHINTAY GAYONG...
HUWAG NA KAYONG MAGALIT, 'MISS'... BUHAT NGAYON AY HINDI NA NINYO MAKIKITANG NAGKASABAY MAN LAMANG KAMI SA DAAN NI MR. MIJARES! HINDI KO RIN MATATANGGAP NA DAHIL LAMANG SA ISANG KATULAD KO AY MADUNGISAN ANG MARANGAL NINYONG PANGALAN...
PINANGILIRAN NG LUHANG LUMAKAD NA ANG DALAGA...
O... ANO PA! TAYO NA AT NAIINIP NA ANG MGA KASAMA NATIN! IKAW NA LAMANG ANG HINIHINTAY!
HALATANG MASAMA ANG LOOB NI LEANDRO...
HINDI KO AKALAING MAGPAMALAS KA NG GAYON SA ISA PA NAMANG KAWAWANG TULAD NIYA! WALA NAMANG GINAGAWANG MASAMA 'YUNG TAO, KUNDI...
AT AKO PA NGAYON ANG SINISI MO! BAKA NAMAN GALIT KA DAHIL SA NAPUTOL ANG PAGLALAMBINGAN NINYO ...E, SUNDAN MO ULI SIYA!
ANO BA ANG PINAGSASABI MO! ITONG SI LULU, OO...
MANGYARI PO E HALATANG-HALATA KO ANG MASYADONG PAGPAPAHALAGA MO SA BABAING 'YON! KAYA PATI AKO, E...
SA HANGAD NA HUWAG NANG HUMABA ANG KANILANG SALITAAN AY HINDI NA SUMAGOT PA ANG BINATA. NGUNIT HANGGANG SA NANONOOD NA SILA NG SINE AY BAHAGYA NANG UMIMIK AT KUMIBO-DILI...
SAMANTALA...
ANO'NG UWI MO, ATE? ... MALAKAS BA ANG KITA MO?
KAUNTI!... HETO, PANSIT! ... ILAGAY MO NA SA PINGGAN AT NANG MAPAKAIN NATIN ANG NANAY...
MAKALIPAS ANG ILANG SANDALI...
ILANG ARAW NANG PANAY NA PANSIT NA LANG ANG KINAKAIN NATIN!
PA'NO, MAS MURAMURA IYAN... SAKA HINDI NA KAILANGAN ANG KANIN! ALAM MO NAMANG KAILANGAN NATING MAKATIPID PARA SA MGA GAMOT NG NANAY...
KAWAWANG MGA ANAK KO! ... KUNG HINDI NAMATAY ANG INYONG AMA... AT KUNG HINDI AKO NAGKAGANITO, HINDI NINYO DARANASIN ANG GANYANG KALAGAYAN!
HUWAG MO KAMING ALALAHANIN, NANAY!... ANG TUTOO'Y MALIGAYA KAMI!... AT KUNG KAYO NGA LAMANG AY NAGALING NA, LALONG MALULUBOS ANG AMING KALIGAYAHAN...
NGUNIT ALAM NI TERESA NA DINADAYA NIYA ANG KANYANG SARILI. ANG NAGKAKAPATUNG-PATONG NA MGA KASAWIAN AT KAAPIHAN NILA SA BUHAY AY MGA TINIK NA NAKATIMO SA KANYANG PUSO. HINDI NIYA NAPAGLABANAN ANG KANYANG DAMDAMIN AT...
DIYOS KO!... OH, DIYOS KO! ... HU-HU-HU...
ITUTULOY-

## Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

**pitak ni eddie rañola**

Si Celia Fuentes, ang "Reyna ang Aksiyon sa Puting-tabing"; ay gumaganap ng naiibang papel sa **Reyna Sirkera** ng Everlasting. Katambal niya si Eddie del Mar, ang nahirang ng FAMAS na pinakamahusay na artistang lalaki ng 1956.

Si Celia, na nag-aangkin din ng karangalan bilang pinakamahusay na katulong na artistang babae ng 1955, ay higit na hahangaan sa pelikulang itong tigib ng makapigil-hiningang mga tagpo. Siya'y isang sirkera, na hindi lamang nagsisirko kundi "nagpapasirko" rin ng pag-ibig ng kalalakihan. At hindi lamang si Celia ang hahangaan dito ng madla kundi gayundin si Eddie, na sa kauna-unahang pagkakataon ay mapapanood sa papel ng isang "sikat na sirkero". Ang mga gampaning tinupad ng dalawang bituin sa panooring ito ay hindi kapala mapapantayan ng ibang mga bituin, ayon na rin sa sabi ng mga taong nakapanood ng ilang bahagi ng pagsisiyuting ng **Reyna Sirkera.**

Ito'y sa direksiyon ni Felix Villar.

Kasalukuyang ginigiling sa kamera ang **Diyosa**, isang pelikula ng mga kababalaghan, na pinagtatambalan nina Rita Gomez at Ric Rodrigo. Ito'y sa pamamahala ni Conrado Conde na sa kauna-unahang pagkakataon ay magpapamalas ng mga "salamangka sa kamera" upang mailarawan ang mga tagpo't pangyayaring hinihingi ng kasaysayan. Ipinahayag din ni Direktor Conde na malamang na maglungo sila sa Kabikulan upang doon kunan ang maraming tagpo ng pelikula, na, ayon sa istorya ay naganap sa mahimalang talon ng Miramar.

Nakatakdang simulan sa buwang ito ang pagsasapelikula ng **Turista**, isang malaking produksiyon ng LVN-Daiei Motion Pictures na buungbuong gagawin sa Hapon. Tutulak ang pangkat na gagawa ng pelikulang ito, patungong Hapon, sa ika-17 ng Abril, sa pamumuno ni Abugado Manuel de Leon, tagapamahalang pangkalahatan ng LVN.

Sa pakikipanayam ni Abugado de Leon sa mga pinuno ng Daiei ay napagkasunduan ang mga sumusunod:

Una, ang gagamiting "script" ay ang kay Direktor Felicing Constantino, na siya ring mamamahala sa pelikula; ikalawa, ang pamamahagi ng pelikula ay pangangasiwaan ng Daiei; at pangatlo, ang mga bituing magsisiganap sa pangunang papel ay sina Nida Blanca, Nestor de Villa, Bimbo Danao at Atsuko Kindaichi, samantalang ang mga katulong na bituin ay sina Rebecca del Rio, Luisa Mantesa at Bayani Casimiro.

Ang **Turista** ay nakatakdang itanghal sa ibang bansa.

Ang **Bicol Express** ng Premiere Productions ay masasabing nag-iisa sa kanyang uri na hindi pa inaangkin ng ibang mga pelikulang Pilipino. Ito ang kauna-unahang pelikulang pinamamahalaan ng pitong batikang direktor, binubuo ng pitong kasaysayan at nilalabasan ng 17 bituin. Ito rin ang kauna-kunahang pelikulang ang kasaysayan ay magsisimula sa gabi... at magwawakas din sa karimlan ng gabi.

Maaaring di paniwalaan, nguni't ang lahat nang tagpo sa pelikulang ito ay panay na kuha sa gabi, at wala isa mang tagpo sa araw. Kung bakit, at kung paano nangyari ang gayon, ay siyang lalo pang kapana-panabik malaman sa pagtatanghal ng pelikulang ito.

Ang **Bicol Express** ay siyang pang-ika-11 anibersaryong pelikula ng Premiere at inaasahang daragsaan ng mga manonood, katulad ng **Apat na Kasaysayang Ginto** na siyang itinanghal na pang-ika-10 anibersaryo ng samahan.

Isang pelikulang tiyak na makapagpapaluha sa mga ma-


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Ang mga taga-Luzon ay may pambihirang kaugaliang laging tinutupad sa panahon ng pagtatanim. Bago magtanim ng mga bungang-kahoy, ang mga magsasaka ay labis na nagpapakabusog sa pagkain ng mga prutas sa paniwalang kapag busog ang nagtanim, ang mga puno ay mamumunga lamang ng malalaki at malulusog na prutas.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

# GINEBRA
## SAN MIGUEL

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*

Sa loob ng mahigit na isang daang taon, ang GINEBRA SAN MIGUEL ay siyang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdudulot ng higit na kasiyahan sa mga kapistahan at masasayang pagtitipon sapagka't laging nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.




**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*
**LA TONDEÑA, INC.**



***Si "Kristo"... sa Huling Yugto ng Kanyang Paghihirap***

*Tingnan ang pah. 2-3-4*